# Mga Kampeon sa Kaligtasan

## ISANG PROGRAMANG PAKIKIPAGTULUNGAN NG OSHA

SAFETY CHAMPIONS

Ang Safety Champions Program (SCP) ng OSHA ay isang boluntaryong programang pakikipagtulungan na tumutugon sa kasalukuyang kalagayan ng mga negosyo at sumusuporta sa mga kalahok na employer sa pagbuo ng bago at/o pagpapahusay ng kanilang mga programa sa kaligtasan at kalusugan (Safety and Health Programs, SHP). Layunin ng programang ito na makatulong sa pagpapababa ng panganib ng mga pinsala, sakit, at pagkamatay na may kaugnayan sa trabaho sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga SHP ay naaayon sa Inirerekomendang Kasanayan para sa mga Programa sa Kaligtasan at Kalusugan ng OSHA (OSHA's Recommended Practices for Safety and Health Programs).

### SINO ANG MAAARING LUMAHOK

- Bukas ang programa para sa mga pribado at pampublikong lugar ng trabaho na saklaw ng OSHA at nagnanais na mapabuti ang kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

### PAANO GUMAGANA ANG PROGRAMA

- Ang programang ito ay binubuo ng tatlong hakbang na maaaring sundan ng mga kalahok upang sistematikong maisagawa ang programa: (1) Panimula, (2) Katamtaman, at (3) Mataas na Antas.
- Ang bawat hakbang ay naaayon sa pitong pangunahing elemento ng Mga Inirerekomendang Kasanayan ng OSHA: (1) Pamumuno ng Pamunuan; (2) Partisipasyon ng mga Manggagawa; (3) Pagkilala at Pagtatasa ng mga Panganib; (4) Pag-iwas at Pagkontrol sa mga Panganib; (5) Edukasyon at Pagsasanay; (6) Pagsusuri at Patuloy na Pagpapabuti ng Programa; at (7) Komunikasyon at Koordinasyon.
- Maaaring isagawa ng mga kalahok ang programa nang nakapag-iisa o sa tulong ng mga Special Government Employees (SGEs), na maaaring magsilbing mga tagapayo o magsagawa ng pagtatasa sa kanilang programa sa kaligtasan at kalusugan at sa kanilang pag-unlad anumang oras.
- Sa matagumpay na pagkumpleto ng Mataas na Antas, ang mga kalahok na employer ay magkakaroon ng SHP na sumasaklaw sa lahat ng pitong pangunahing elemento at nagpapakita ng isang maagap na pamamaraan sa pagtataguyod ng kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

### BAKIT DAPAT LUMAHOK

- Bawasan ang panganib ng mga pinsala, sakit, at pagkamatay na may kaugnayan sa lugar ng trabaho.
- Gumamit ng isang malinaw at nababagong balangkas na naaayon sa mga napatunayang pinakamahusay na kasanayan.
- Makakuha ng gabay mula sa mga bihasa at may karanasang propesyonal sa larangan ng kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.
- Tumanggap ng pagkilala mula sa OSHA habang sumusulong sa bawat antas ng programa.

### MAGSIMULA NA

- Upang malaman ang higit pa tungkol sa programa at makapagpatala, bisitahin ang OSHA.gov/Safety-Champions

### MGA HAKBANG TUNGO SA

Simulan ang pakikipag-ugnayan sa OSHA. ▸

**1 Panimulang Antas**
Simulan ang pag-aangkop ng iyong programa sa kaligtasan at kalusugan sa pitong pangunahing elemento.

**2 Katamtamang Antas**
Bigyang pokus ang pagpapatupad ng iyong programa sa kaligtasan at kalusugan.

**3 Mataas na Antas**
Suriin at pagbutihin ang iyong programa sa kaligtasan at kalusugan.

OSHA 4515-08 2026 | Tagalog



Source: OSHA (osha.gov) | Traduit par https://hseacademy.online/